

1

“Anak, wala na si Matthew. Bakit hindi mo na lang iyon tanggapin nang maluwa sa kalooban mo?”
Bakas din ang paghihirap sa mukha ni Aling Soledad habang hinahagod ang mahabang buhok ni Bea na tila tulalang nakatitig sa kawalan.

Mababakas sa magandang mukha ng dalaga ang kalungkutang dati ay imposibleng masilayan sa mga mata niya.

“Mahal ko siya,” nangingilid ang luhang saad niya na tila ang sarili lang ang kinakausap.

“Patay na siya.”

“Katawang lupa lang niya ang namatay pero ang puso niya’y naiwan sa akin. Mananatiling buhay ang matatamis na alaalang iniwan niya sa aking gunita.”
Sabay na gumulong ang dalawang patak na luha sa kanyang mga pisngi; napakurap siya para alisin ang panlalabo ng paningin.

“Pero kailangan mo ring mabuhay para sa sarili mo. Tingnan mo ang sarili mo—ni hindi ka lumalabas at bihira mo ring galawin ang dinadala ko dito sa silid mo. Namumutla ka na, Anak. Baka magkasakit ka

niyan. Paano naman kami ng papa mo, ng kuya mo at ng kapatid mong bunso? Labis kaming nag-aalala para sa iyo.” Napahikbi na rin si Aling Soledad.

“I’m sorry, pero hindi ko mapigil ang damdamin ko. God! I miss him so much.” Tuluyan nang napa-hagulhol ang dalaga.

Awang-awa man sa anak ang matanda, ang tanging magagawa nito ay yakapin siya nang mahigpit at ipadamang naroon ito para damayan siya.

Ah! Paano ba niya makakalimutan si Matthew? Ang kanyang si Matthew na walang ginawa noong nabubuhay pa kundi ang mahal in siya, ipadama ang kahalagahan niya bilang babae; halos ay sambahin siya nito. Buhay man ay inialay para sa kanya....

“Sweetheart, ito ang sorpresa ko para sa iyo, ang ating dream house.” May kagalakan at pagmamalaki sa mga mata ni Matthew habang inililibot siya sa bagong gawang bahay.

Isa iyong semi-bungalow na may dalawang silid at katamtamang laki ng sala; kompleto na sa kagamitan ang kusina at sala. Lahat ng iyon ay ipinundar ni Matthew sa pamamagitan ng sariling sikap, alay nito sa katipan.

Tila gustong maiyak ni Bea habang iginagala ang paningin sa kabuuan ng bahay at sa mga kasangkapang naroon na kahit paano ay bakas na rin ang karangyaan. Iyon ang tahanang magiging pugad ng kanilang pagmamahalan pagkatapos ng kanilang kasal sa darating na buwan.

“Do you like it?”

“Of course I like it! Hindi mo lang alam kung gaano mo ako pinaligaya sa sorpresa mo.” Nakangiti siyang humarap sa katipan at yumakap sa leeg nito.

“Nahihiya nga ako sa iyo. Maliit itong bahay na ito kumpara sa bahay ninyo na dalawang palapag at napakalaki.”

“Sweetheart, kahit gaano ito kalaki o kaliit, alam kong ito ay bunga ng pagsisikap mo at mula sa sarili mong pawis. At ito ay inialay mo sa akin dahil mahal mo ako, hindi ba?”

“Yes, Sweetheart. Ginawa ko ang lahat ng ito dahil mahal na mahal kita.” At nagtama ang kanilang mga mata. Buong pagsambang nilasap nila ang labi ng isa’t isa.

Malakas na napasigaw si Bea. Parang hindi na

niya kaya ang labis na pangungulila kay Matthew. Parang gusto na niyang wakasan ang sariling buhay upang makasama na ang yumaong kasintahan.

Napasulyap siya sa medicine cabinet na nasa silid niya. Ang pagkakatanda niya ay mayroon pa siyang sleeping pills. Gamot niya iyon sa kanyang insomnia. Kung iinumina niyang lahat iyon, tiyak na hindi na siya magiging at wala nang sakit na madarama. Matutulog lang siya at presto! Kasama na niya ang namayapang katipan.

Labing-lima pa ang lahat ng pildoras na laman ng botelya, tiyak na hindi na nga siya magiging. Matapos punuin ng tubig ang baso ay pikit-mata niyang inubos ang labing-limang tableta at sinabayan ng inom ng isang basong tubig.

Humarap siya sa salamin, marahang sinuklay ng brush ang mahabang buhok, bahagyang pinahiran ng manipis na pulbos ang maputla niyang mukha, ganoon din ang manipis na lipstick para sa kanyang mamula-mulang labi. Gusto niyang maging maganda pagharap niya kay Matthew. Alam niya, naghihintay na sa kanya ang katipan sa kabilang buhay.

Payapang-payapa ang mukhang nahiga na siya sa kama; matutulog na siya. May ngiti na siya sa labi nang pumikit at sa nanlalabo nang pag-iisip, isa-isa

niyang binalikan ang alaala ng kahapon—ang pag-iibigan nila ni Matthew.

Baon niya sa kanyang kahimbingan ang matamis na halik nito, ang mainit na yakap, ang mainit na dibdib na lagi niyang pinagkakanlungan kung saan siya may katahimikan at kapayapaan ng kalooban....

“I love you, Bea. You’re the best thing that ever happened to me. Ikaw lang na pumuno sa mga kahungkagan ko sa buhay.” Masusuyong bulong, mainit na hininga ang dumadapyo sa kanyang pandinig.

“I love you, too, Matthew. Hindi mo lang alam kung paano ako lumigaya mula nang dumating ka sa aking buhay.” Nagsumiksik pa siya sa dibdib ng katipan. “I love you, Matthew. I love you... I love... you,” mahihinang usal niya, at siya ay nawala na sa karimlan.

Nang muli siyang makakita ng liwanag ay maputi ang kapaligiran at para siyang nakalutang sa ulap. Nasa langit na ba siya? Nasaan na si Matthew?

“Matthew!” sigaw niya.

Ngunit alingawngaw lang ng sariling tinig ang

kanyang narinig, walang Matthew na tumugon.

Nagtatakbo siya. Hahanapin niya ang katipan. Alam niyang nasa paligid lang ito at hinihintay siya.

Muli niya itong tinawag nang paulit-ulit ngunit walang tumutugon. Gusto na niyang manlumo. Nasayang ba ang kanyang ginawa?

“Matthew...” Nanlulupaypay na napaupo siya.

“Bea,” anang pamilyar na tinig.

“Matthew!” Kaagad siyang nagtaas ng paningin. Naroon nga ang katipan, nakangiti sa kanya, nakalahad ang kamay na tila inaanyayahan siyang lumapit at muling pakupkop sa mga bisig nito.

Patakbo siyang lumapit at yumakap dito. Napapikit siya sa kaligayahan. Matatapos na rin sa wakas ang kanyang pangungulila.

“Bakit narito ka, mahal ko?” masuyong tanong nito.

“Sinundan kita. Hindi ako makakatagal na wala ka sa piling ko. Ngayon ay hindi na tayo magkakalayo.” Nagtaas siya ng paningin at sinalubong ang titig nito. Matamis niya itong nginitian.

Mapait ang ngiting sumilay sa labi ni Matthew.

When Will Your Heart Be Mine? - Jenny Gaitero

May sumungaw na luha sa mga mata nito at saka napailing. “Mali ang ginawa mo. Hindi mo dapat kinitil ang sarili mong buhay. Paano pa tayo magkakasama niyan?”

Maang siyang napatitig sa kasintahan, hindi maunawaan ang ibig nitong sabihin.

“Kasalanang mortal ang ginawa mo, mahal ko, walang kapatawaran. At paano tayo magkakasama sa paraisong kinalalagyan ko samantalang itatapon ka ngayon sa dagat-dagatang apoy dahil sa kasalanang ginawa mo?”

“Ha!”

Magtatanong pa sana siya ngunit nagdilim na ang paligid, at si Matthew ay tila hinihigop ng kung anong lakas palayo sa kanya.

“Matthew! Huwag mo akong iwan!” sigaw niya habang hinihigop din siya ng isang puwersa palayo rito.

“Bea! Bumalik ka sa katawang lupa mo! Hintayin mo ang panahong itinakda para sa iyong buhay. Hihintayin kita dito sa paraisong aking kinalalagyan!” sigaw ni Matthew bago ito naglaho sa kanyang paningin.

Napalinga si Bea sa nagdidilim na paligid. Wala na siyang maaninaw.

At nakadama siya ng takot. Bigla ang dating ng realisasyon sa kanyang isipan. Oo nga pala, kasalanang mortal ang kanyang ginawa, at ang parusa ay ang pagkakatapon ng kaluluwa niya sa dagat-dagatang apoy. Paano pa niya makakasama si Matthew? Ang katipan niya ay mabait at mabuting tao na natitiyak niyang nasa kalinga na ng Panginoon.

Bigla siyang nakaunawa. Kailangan niyang bumalik sa kanyang katawang lupa bago maging huli ang lahat!

Lakad-takbo ang kanyang ginawa. May humahabol sa kanya—mga itim na nilalang na may pakpak. Pagkapapangit ng mga ito. Alam niya kung ano ang mga iyon—mga demonyong magdadala sa kanya sa impiyerno!

Kailangan niyang makalayo at makatakas. Kailangan niyang makabalik at ituwid ang kamaliang nagawa.

“Bea!” Umabot sa kanyang pandinig ang tinig ng ina.

“Bea, bumalik ka. Huwag kang umalis.” Sumunod niyang narinig ang nagsusumamong tinig ng kanyang

Kuya Charlie.

“Bea, Anak, huwag mo kaming iiwan,” pakiusap ng papa niya.

“Ate, Ate, gumising ka! Huwag kang umalis,” pagsusumamo ni Kathy, ang bunso niyang kapatid.

Nag-ipon siya ng sapat na lakas sa kanyang dibdib para tuluyang makatakas sa kadilimang iyon, para tuluyan siyang makalayo sa mga pangit na nilalang na humahabol sa kanya.

2

Kulay puting kapaligiran ang namulatan ni Bea. Amoy gamot ang nanunuot sa kanyang pang-amoy. Kaagad niyang naunawaan, ospital ang kanyang kinalalagyan.

Nang tangkain niyang bumangon ay bahagyang kumirot ang kanyang kanang kamay. Natuklasan niyang may dextrose palang nakakabit doon. Sa bandang ulunan ng kama niya ay may isang tangke ng oxygen.

Sa maliit na kamang nasa di-kalayuan ay nakita niya ang kanyang mama, mahimbing na natutulog habang nakayupyop sa may gilid ng kama niya si Charlie.

Nakagat niya nang mariin ang labi. Nakadama siya ng awa at sumbat ng konsyensya. Malaking perhuwisyong nagawa niya sa kanyang pamilya dahil sa makasariling hangarin—ang takasan ang kalungkutan at pangungulila sa katipan.

Nakalimutan nga niya ang mga tao na nagmamahal sa kanya, ang sakit ng kaloobang idudulot niya at pag-aalalang madarama ng mga ito.

“Kuya Charlie,” mahina niyang usal.

“Bea!” Kaagad namang narinig ng kapatid ang kanyang tawag dahil mababaw lang ang pagkakaidlip nito. Kaagad itong napatayo at lumapit sa kanya, hinawakan ang palad niya at hinaplos ang kanyang noo. “Ano’ng pakiramdam mo? Ano’ng gusto mong kainin?” buong pagsuyong tanong nito.

Saglit siyang napatitig sa guwapong mukha ng kapatid. Sa edad na treinta ay binata pa rin ito. Nakita niyang tila tumanda ito ng ilang taon kaysa tunay nitong edad. Bahagyang nahawas ang mukha at nanlalalim ang mga mata nito na marahil ay dala ng labis na pag-aalala sa naging kalagayan niya. Lalo niyang nadama ang sumbat ng konsyensya.

“Kuya, I’m very sorry,” naiiyak niyang saad. Mariin nitong pinisil ang palad niya.

“Shh! It’s all right. Ang mahalaga’y ligtas ka na. Everything will be fine. Nauunawaan namin nina Papa kung ano ang nadarama mo kaya lang ay huwag mo na sanang uulitin.”

“Hindi na, Kuya, hindi na. Mahal ko pa rin kayo.” Tuluyang nabasag ang kanyang tinig nang malaglag ang mga luha niya.

“Bea, Anak.” Nagising na rin si Aling Soledad at

bumangon na ito mula sa kinahihigaan. Naiiyak na rin ito nang lumapit sa kanila.

“Ma!” Nagyakap ang mag-ina, kapwa lumuluha.

Matagal silang nagyakap. Maging si Charlie ay napayakap na rin sa kanila.

Bahagyang natigilan si Bea nang mapansin ang isang lalaking halatang kababangon din sa sofa. Mataman itong nakatitig sa kanila, partikular sa kanya.

Nakadama siya ng pagkailang at pagkapahiya; may ibang tao pala sa loob ng silid niya. Kumalas siya ng yakap sa ina at pinahid ang luhang nasa pisngi.

Napansin naman ni Charlie na gising na ang lalaking nasa sofa. “Ah, siyanga pala, si Roland Pascual, kaibigan ko. Nagkataong kauwi lang niya galing sa Amerika at balak sana niya’y sa atin muna tumuloy ng mga ilang buwan hanggang bumalik siya doon. Kasama ko siyang nagtakbo sa iyo dito sa ospital,” pagpapakilala nito sa kanilang dalawa.

“I’m glad you’re awake. At least ay siguradong ligtas ka na,” malamig at pormal nitong pahayag. Blangko ang ekspresyon ng mukha nito bagaman tila may isang klase pa ng damdamin na nakabadha roon na hindi naman mabigyan ng pangalan ni Bea.

Napayuko siya; kasama pala ito ng kuya niya na nagdala sa kanya sa ospital. Ibig sabihin ay alam na nito lahat ang mga nangyari.

“Salamat,” tanging nasabi niya. Bakit may pakiramdam siyang galit ito?

Muli siyang nagtaas ng paningin, sinalubong ang matalim na titig nito. At parang noon lang niya napansin, guwapo pala ito. May pangahang mukha ito, matangos na ilong, mga mata na parang sa isang Bombay, manipis na balbas at bigoteng nagsisimula nang tumubo; malapad ang mga balikat at dibdib nito. Mas mataas ito kaysa Kuya Charlie niya at kabaligtaran ang bukas ng mukha nito sa kapatid.

Ang kuya niya ay mabait at malambot ang bukas ng mukha samantalang ang kaibigan nito ay mukhang masungit at istrikto, maawtoridad kung tumitig na tila ang gusto ay ito ang laging nasusunod.

Antipatiko ang naging dating nito sa kanya.

“Magpagaling ka agad, Anak, para makauwi ka na sa bahay.” Pinukaw ng kanyang mama ang ilang saglit niyang pagmamasid sa kaharap na lalaki.

“Oho, Mama,” tugon niya. “At inuulit ko, patawarin sana ninyo ako.”

“Ang batang ito, at ako pa ba naman ang hindi makakaunawa sa iyo? Siyanga pala, gusto mo na bang kumain?”

“Tubig lang ho muna. Parang hindi pa ho ako makakakain.” Hindi na niya muling sinulyapan si Roland.

Ilang araw ring namalagi sa ospital si Bea, at sa panahong iyon, laging kasama ng kuya niya si Roland sa pagbabantay at pagdalaw sa kanya. Napag-alaman niyang sa kanila na pala ito tumutuloy.

Kaya nga ba sa lumipas na ilang araw ay lagi siyang naiilang dito. Lagi kasi niya itong nahuhuling nakatitig sa kanya, na kapag naman sinulyapan niya ay pormal na magbabawi ng tingin.

“You’re very lucky, alam mo ba iyon?”

Napaangat ang ulo ni Bea mula sa tinitiklop na mga damit. “At bakit mo nasabi iyan?” tanong niya.

Noon lang niya napansin na sila na lamang dalawa ni Roland ang nasa loob ng silid; ang kuya niya ay saglit na lumabas at magpapaayos daw ng kanyang bill sa cashier.

“Because you have parents who love you very

much; may kuya kang katulad ni Charlie at kapatid na katulad ng bunso ninyo. Hindi mo dapat isiping magpakamatay dahil lamang sa isang lalaki.”

Bigla ang gapang ng inis sa kanyang dibdib. Sarkastiko ang dating nito sa pandinig niya. Ano ba ang pakialam nito sa kanya?

Tuwid niya itong tinitigan, taas-noong hinarap at ipinahalata ang pagkadisgusto sa sinabi at sa mismong presence nito. “Alam mo, Roland, antipatiko ang dating mo sa akin. Contrast ang ugali ninyo ni Kuya. At nagtataka ako kung paano kayo nagkakasundo at bakit tila binibigyan mo ng karapatan ang sarili mong makialam sa buhay ko.”

Mula sa pagkakasandal sa dingding ay umunat ito ng tayo, ibinulsa ang dalawang kamay at lalong tumalim ang titig habang dahan-dahang lumalapit sa kanya.

Naalerto siya, bahagyang kinabahan na baka ikinagalit nito ang kanyang sinabi.

“Pareho lang tayo, Bea. I don’t like you either. You’re selfish. Sariling damdamin mo lang ang iniintindi mo at bale-wala ang magiging damdamin ng mga taong nagmamahal sa iyo—and all because of a man.”

Damang-dama ni Bea ang bitterness sa tinig nito. Bakit may nababasa siyang kung anong damdamin sa mga mata nito? Panibugho? Kanino?

“I loved him!” pabulyaw niyang saad. Napaatras siya nang nagpatuloy ito sa paghakbang palapit sa kanya.

“Ang suwerte naman niya para pag-ukulan mo pa rin ng ganyang klase ng damdamin.”

“Kung nagkapalit kami ng kalagayan, kung ako ang namatay at siya ang nabuhay, alam kong ganito rin ang magiging damdamin niya because he loved me as much as I loved him. Kaya deserving siya sa pagmamahal ko kahit wala na siya.” Nasukol na siya sa pader.

“Yes.” Tumigil ito sa paghakbang nang ilang dali na lang ang pagitan nila. “Kahit na sino ngang lalaki’y mababaliw sa iyo.” Sinabi nito ang mga katagang iyon sa tila paos na tinig, nagngangalit na mga bagang at kuyom na kamay. “You’re such a beautiful woman. Kahit nga ako’y—”

“Okay na ang bill mo....” Natigilan sa pagpasok ng silid si Charlie nang makita ang dalawa. Nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanila.

“Okay na ba, Kuya?” Si Bea ang kaagad na

nakabawi. “Handa na rin ang mga gamit ko. Let’s go.” Humakbang siya patungo sa kanyang bag ng damit, masiglang binitbit iyon at nagpatiuna nang lumabas.

“Let me.” Sumunod sa kanya si Roland at kinuha ang bag mula sa kanya.

Lalong naguluhan si Charlie; may paghihinalang bumakas sa mga mata nito.

Sa kaalaman na sa kanila nakikitira si Roland at inookupa nito ang guest room na katabi ng kanyang silid, lalong nakadama ng pagkailang dito si Bea.

“Magpahinga ka na muna, Hija. Mamaya’y kakain na tayo ng hapunan; ipatatawag na lang kita sa silid mo.” Inihatid siya ng ina sa pintuan ng kanyang kuwarto. Sa likuran nito ay naroon si Roland at bitbit pa rin ang bag ng damit niya.

“Oho, Mama,” tugon niya. “Akin na ’yan,” baling niya sa lalaki na tila walang balak na iabot sa kanya ang bag at parang ang gusto ay tumayo na lang sa tapat ng pinto niya.

“Ako na; mabigat.” At walang babalang pumasok ito nang tuluy-tuloy sa silid niya. Napasunod na lang siya ng tingin dito.

Pagkababa ng bag sa kama ay tahimik itong lumabas, ni hindi tumitingin sa kanya at nilampasan lang siya.

“Papasok ho muna ako sa silid ko,” saad nito sa mama niya na nadaanan nito sa pasilyo.

“Oo, Hijo. Magpahinga ka na rin para sabay-sabay na tayong makapaghapunan mamaya,” nakangiting sabi ni Aling Soledad. Halatang napakagaan ng loob nito sa lalaki na para bang kasambahay na ang turing dito.

Naiinis na isinara ni Bea ang pinto ng silid niya. Bakit ba tanggap na tanggap ng pamilya niya si Roland?

Noong nasa Amerika pa ang Kuya Charlie niya, kaagad nitong ibinalita sa kanila ang pagkakaroon ng isang tapat na kaibigan sa katauhan ni Roland. Mabait daw ito at hindi alam ang salitang ‘iwanan’ sa oras ng kagipitan. Sa lahat daw ng naging kaibigan ay ito lang ang talagang ‘the best.’

Siyempre ay bilib na bilib ang mga magulang niya sa sinabi ni Charlie. Siya ay okay lang ang reaksyon bagaman natutuwa rin siya para sa kapatid.

Ngayong nakita at nakilala na niya ang ipinagmamalaki nitong kaibigan, parang taliwas sa

description ng kuya niya ang ugali nito.

Pagmulat pa lang ng mga mata niya sa ospital at mukha ni Roland ang kanyang nakita, pagkailang at hindi maipaliwanag na damdamin ang nadama niya para rito. Napatungan iyon ng inis nang magsalita ito at maging vocal sa pagkadisgusto sa nagawa niyang pagkakamali.

Muling iginalala ni Bea ang paningin sa tahimik na silid. Katulad ng dati, kahungkagan at kalungkutan ang kaagad niyang nadama. Muli ay nabuhay ang pangungulila sa kanyang dibdib.

“Matthew!” hikbi niya. Dumapa siya sa kama at inabot mula sa side table ang isang kuwadro. Naroon ang larawan nila ng nobyo na kinunan sa ilalim ng isang puno sa Roxas Boulevard. Magkayakap sila at nakangiti habang nakatitig sa camera.

Paano ba ang lumimot kung sa tuwina ay may mga bagay na nagpapaalala ng nakaraan? Katulad na lang ng larawang hawak niya. Hindi naman niya iyon kayang itapon o kaya ay itago. Kahit na masakit sa kalooban ang makitang buhay na buhay sa larawan si Matthew, mas gusto na niyang masaktan kaysa tuluyang itong hindi masilayan.

“Ano nga pala ang balak ninyong itayong negosyo?” tanong ni Mr. Rodriguez kay Roland. Magkakaharap sila sa pahabang mesa sa komedor at naghahapunan.

Bahagyang umangat ang kilay ni Bea sa narinig. Bagaman nanatili siyang nakayuko sa sariling pinggan at kunwa’y abala sa pagkain, nakikinig siya sa pinag-uusapan ng mga ito.

“Ang balak ho namin ni Charlie ay magtayo ng hardware and at the same time ay maging dealer ng gravel and sand,” tugon ni Roland. “Marami na ho kaming contact na contractor ng mga building; tiyak na magki-click kami. Isa pa ho’y kabisado ko na ang nature ng trabahong iyon,” masiglang paliwanag nito na pasulyap-sulyap sa kanya. Tiyak ng dalaga na tinitingnan siya nito kasi ay palihim din ang ginagawa niyang pagsulyap dito.

“Mabuti ang ganoon, Hijo. Alam mo’y ayaw na naming pabalikin sa Amerika itong aming panganay,” sabad ni Aling Soledad. “Una’y dahil matatanda na kami at mahirap para sa kanya ang doon mamalagi; masyadong mabilis ang buhay doon. At doble pa ang oras na ikakayod mo.”

“Ilang doble naman ang laki ng kita, Mama,” natatawang saad ni Charlie.

When Will Your Heart Be Mine? - Jenny Gaitero

“Oo nga pero naabusong naman ang katawan mo,” tugon ng ina. “Isa pa’y lalo mo tuloy nakakalimutan ang pag-aasawa. Aba’y treinta años ka na, ni wala ka pa ring ipinakikilala sa aming mamanugangin.”

“Hayaan mo, Mama, ngayong dito na ako mamamalagi sa Pilipinas, tiyak na makakahanap na ako ng mamanugangin mo,” biro ng kuya niya.

Naging masaya ang kanilang paghahapunan, kahit pa nga may namamagatang lihim na palitan ng matatalim na titigan kina Roland at Bea.

3

Palibhasa ay may sapat na kapital, madaling naitatag ng magkaibigan ang ibinalak na negosyo. Madali silang nakakuha ng puwesto sa kabayanan at naasikaso ang mga papeles at permit na dapat ayusin.

“Hindi ba’t mas mainam na dito ka na lang sa bahay mamalagi kaysa naman umupa ka ng bachelor’s pad? Nag-iisa ka naman, at pamilya na rin ang turing namin sa iyo.”

Naulinigan ni Bea ang tinig ng Kuya Charlie niya sa loob ng silid ni Roland. Galing siya sa ibaba ng bahay at nadaanan ang guest room na bahagyang nakaawang pa ang pinto.

“Pare, kaya lang ako pumayag na dito sa inyo tumira noon ay dahil pagbabakasyon lang ang pakay ko rito,” tugon ni Roland. “Pero ngayong dito na pala ako mamalagi, kalabisan namang dito na ako tumira sa inyo. Aba’y abuso na iyon.”

“Ano naman ang masama doon? Magkaibigan tayo, magkasosyo sa negosyo at baka nga sa hinaharap ay maging....” Nabitin ang sasabihin ni Charlie nang mapasulyap ito sa nakaawang na pinto at nakitang

naroon ang kapatid. “O, Bea, may kailangan ka ba kay Roland?”

Napalingon ang lalaki sa kanya. At bakit tila namutla ito nang makita siya? Napasulyap pa ito sa kuya niya.

“A-ah... eh... wala, Kuya,” nagkakandautal niyang tugon; huling-huli siyang nanunubok. “Napadaan lang ako’t nakita kong nandiyan ka.”

Napatango na lang ito. “Ganoon ba?”

“Siyanga pala, Charlie, ’yung tungkol sa sinabi ko sa iyo,” himig pagpapaalala ni Roland na binawi na ang sulyap sa dalaga.

“Ah, oo nga pala. Mamaya ko na sasabihin, Pare.”

Bakit may pakiramdam siyang tungkol sa kanya ang pinag-uusapan ng dalawa?

Humakbang na siya patungo sa sariling silid. Iba-ibang damdamin ang nakapa niya sa dibdib. Aalis na pala sa kanila si Roland, uupa ng bachelor’s pad. Bakit parang may gustong umantak sa kanyang kalooban?

Ipinagkibit-balikat niya iyon. Paglapit sa side table ay muli niyang dinampot ang larawan nila ni Matthew. Pinakatitigan niya iyon, masuyong hinaplos ang mukha ng katipan sa larawan na tila ba ang

mukha nito ang totoong hinahaplos niya.

Nandoon na naman ang pamilyar na sakit, ngunit bakit parang kulang ang nakasanayan na niyang pangungulila sa dibdib? Parang hindi na katulad noong unang kamamatay lang ng nobyo na talagang masakit na masakit ang kanyang kalooban. Dahil ba kay Roland?

Teka, bakit nasali ang lalaking iyon? inis na tanong niya sa isip.

Nahiga siya sa kama, ipinatong sa tapat ng dibdib ang larawan at pumikit hanggang sa nakatulog.

Hindi na namalayan ni Bea nang bumukas ang pinto ng kanyang silid at sumungaw ang mukha ni Roland. Humakbang itong papasok bagaman hinayaang bukas ang pinto. Minasdan nito ang maamong mukha ng natutulog. Fondness ang nakalarawan sa mukha nito. Waring aliw na aliw itong masdan ang magandang mukha ng nahihimbing.

Bahagyang kumunot ang noo nito nang mapansin ang kuwadrong nakapatong sa dibdib ni Bea.

Curiosity ang nag-uudyok dito para dahan-dahan iyong angatin at tingnan. Napatiim-bagang ito nang makilala kung sino ang nakalarawan doon. Imbis na sa dibdib niya ibalik ang larawan ay walang

kaayusang ipinatong iyon sa side table. Madilim ang mukha na kaagad itong lumabas ng silid.

Napapitlag si Bea sa saglit niyang pagkakaidlip sa tunog na likha ng pagsara ng pinto. Napabalikwas siya at saglit na nakiramdam. Ngunit katahimikan na ang sumalubong sa kanya.

May tao bang nanggaling sa silid niya? Napasulyap siya sa larawang nakapatong sa side table; nagtaka siya. Paanong napunta roon ang larawan samantalang ang tanda niya ay nakatulugan niyang nakapatong iyon sa kanyang dibdib?

“Makakatulong sa iyong madaling paglimot ang pagtatrabaho sa opisina namin ni Roland. You see, gusto sana naming maging tatlo ang partnership natin. Graduate ka ng Management; kailangan namin ang talino mo sa pagpapatakbo ng negosyo.”

“Kuya naman, nalilibang naman ako dito sa bahay,” tanggi ni Bea. “Kita mo naman, hindi na ako masyadong nagmumukmok sa silid ko ngayon. Nakakahiligan ko na ang pagbi-bake ng cake; hindi na rin ako masyadong umiiyak kapag naaalala ko si Matthew.” May bumikig pa rin sa kanyang lalamunan pagkabigkas sa pangalan ng yumaong nobyo.

“Oo nga pero lalo kang makaka-recover kung magtatrabaho ka. At ang pagsosyo mo sa negosyo namin ay ang pinaka-best na solusyon.” Naroon ang deter-minasyon sa tinig ng kapatid.

“Paano akong sososyo sa negosyo ninyo, wala pa naman akong sariling pera? Alangan namang buhay pa ang Mama at Papa ay hingin ko na ang mana ko.” Napailing siya sa kakulitan nito.

“Hindi mo naman kailangang mag-invest ng pera. Yung sosyo ko’y sapat na. Ang pinag-aralan mo nga lang ang kailangan namin. At siyempre pa, ang pag-mamalasakit mo.”

“Hindi ko makita ang logic mo, Kuya. Alam mo naman na mula nang makatapos ako ng pag-aaral ay hindi naman ako nagkaroon ng pagkakataong magamit ang pinag-aralan ko dahil ayaw ni Matthew na magtrabaho ako. So, paano ko magagampanan nang maayos ang ibibigay mo sa aking trabaho?”

“Alam ko naman na fast learner ka at madali kang makakapag-adjust. At sayang na lang ang pagiging *summa cum laude* mo noong magtapos ka kung hindi mo mapapatunayang deserving ka nga sa karangalang iyon,” hamon pa nito sa kanya.

“Paano si Roland? Papayag ba naman iyon

na maging kasosyo ninyo ako na laway lang ang puhunan ko?”

“At saka utak, my dear sister. At isa pa’y siya nga ang mas may gustong sa amin ka na magtrabaho.”

“Ows! Talaga?” Hindi siya makapaniwala.

“Oo sabi, kaya pumayag ka na.”

Kailangan nga niyang malibang, naisip ni Bea, at isa pa ay oras na para pagtuunan niya ng pansin ang sariling kinabukasan. Kailangan niyang magtrabaho kahit pa nga nakakaluwag sila sa buhay. Kailangan niyang matutong tumayo sa sariling mga paa. At parang may gusto rin siyang patunayan sa sarili.

Unang araw ni Bea sa bagong opisina nina Roland at Charlie. Impressed siya sa silid na ibinigay sa kanya ng magkaibigan. Wall-to-wall ang carpet na pula. Tatlong mesa ang naroon, isa para sa kanya at ang tig-isa ay para sa dalawang lalaki.

Ang unang palapag ang nagsisilbing tindahan ng lahat ng uri ng construction materials, mula sa pako hanggang sa mga pintura at iba-ibang klase ng fittings. Sa likurang bahagi ng dalawang palapag na building na may sukat na walong daang metro

kuwadrado ay nakalagay ang buhangin at graba, bukod pa sa hollow blocks at adobe.

Gusto nga niyang pagtakhan kung saan kinuha ng dalawa ang malaking halagang ipinuhunan sa negosyo ng mga ito. Ganoon na ba kalaki ang naipon ng kapatid niya?

“How do you like it so far?”

Bahagya pa siyang nagulat nang marinig ang tinig ni Roland mula sa kanyang likuran. Naiwan sa ibaba si Charlie dahil ito ang nag-a-assist sa mga tauhan na humaharap sa mga kliyente.

Gusto niyang panindigan ng balahibo. Paano ay alam niyang halos isang dangkal lang ang layo nito sa kanya, ayon na rin sa dagundong ng boses at sa pagtama ng hininga nito sa may punong-tainga niya.

“This office is nice,” simpleng tugon niya. Kaswal siyang humakbang upang makapasok sa pinakaloob ng silid kahit ang totoo ay gusto niyang takasan ang singaw ng init ng katawan ng lalaki na damang-dama niya. Nagdudulot ng hindi maipaliwanag na kiliti sa imahinasyon niya ang isiping sila lamang dalawa ang naroon sa malamig at mabangong opisina.

“I hope na mag-e-enjoy ka sa pagtatrabaho mo dito,” patuloy nito na humakbang na rin papasok.

“At sana’y malibang ka’t makalimot.” Punung-puno ng kahulugan ang sinabi nito.

Dahan-dahan ang naging paglingon niya bagaman may talim ang kanyang titig. “This is my first day at work. Please lang, kung gusto mong magkatagalan tayo, huwag kang babanggit ng kahit na ano na makasisira sa mood ko.”

Tuwid siyang tinitigan ng lalaki, pormal din ang mukha.

“I’m sorry kung nakalimot ako,” sa wakas ay saad nito. “Siguro nga’y hindi ako dapat magsalita ng anumang personal na bagay sa iyo. In that case, simulan na natin ang trabaho.” Hinila nito ang isang drawer ng filing cabinet at may kinuha roong mga naka-folder na papeles. “Here, pag-aralan mo na ang takbo ng negosyo.”

Inilapag nito ang mga papeles sa mesa niya at walang kibong tinungo ang sariling mesa, hinarap ang mga papeles na naroon at hindi na siya muling sinulyapan.

May nadama siyang pagngingitngit. Paanong nagagawa ng lalaki ang kaagad na magpalit ng damdamin at ekspresyon ng mukha?

Nang tanungin siya nito kung nagustuhan niya

When Will Your Heart Be Mine? - Jenny Gaitero

ang bagong opisina, dama niya ang pagsuyo sa tinig nito, ang tunay na paghahangad na madulutan siya ng katuwaan. Nang banggitin naman nito na sana ay makalimot at mag-enjoy siya, may sarcasm sa tinig nito at kawalan ng simpatiya. At ngayon naman, nagtatrabaho ito na parang wala siya roon!

Kung noong pumasok sila sa loob ng silid ay damang-dama niya ang katahimikan, lalo na nang sandaling iyon. May palagay siyang kapag hindi pa umakyat ang Kuya Charlie niya ay mapapanisan siya ng laway.

Inalis niya sa dibdib ang inis, pilit na ibinaling sa mga papeles na ipinababasa ang kanyang pansin. Nagtagumpay naman siyang gawin iyon. Sa lumipas na dalawang oras ay nanatili silang hindi nagkikibuan.

“Hello, you two!” masiglang pasok ni Charlie.

Sumulyap lang si Roland sa kaibigan, si Bea naman ay lumapad ang ngiti sa labi. Sa wakas, may makakausap na rin siya!

“Ang tagal mo naman sa ibaba, Kuya,” may pagmamaktol sa tinig na sabi niya.

“Masanay ka na sa akin, Sis. Talagang ganoon

araw-araw. Siyanga pala, Pare,” baling nito kay Roland, “mamaya ay darating si Mr. Lopez. Makikipagsara na siya sa atin na dito kukuhanin ang mga materyales na gagamitin sa four-storey building na ipapatayo nila. Nagustuhan nila ang ating presyo kaya’t sa atin na sila kukuha.”

“Talaga?”

Aba! At marunong palang ngumiti ang hudyo kapag nakakaamoy ng malaking kita, sa loob-loob ni Bea nang makita ang reaksiyon ng lalaki.

“Oo, Pare, kaya’t lalo akong bumilib sa strategy mo na hindi baleng maliit lang ang tubo, daanin na lang sa volume para lumaki ang kita.” Nakatawang tinungo na rin ni Charlie ang sariling mesa.

“At hindi lang iyon ang magiging bunga niyan, Pare. Tiyak na babalik sa atin sina Mr. Lopez kapag nagpagawa ulit sila. Di mayroon na tayong suki.” May pagmamalaki sa tinig nito.

Hmph, yabang! naiinis na naisip ng dalaga. Para sa kanya ay kayabangan ang ngiti ng lalaki.

“This calls for a celebration. How about if we have dinner sa *Peninsula Manila* mamaya? Para na ring welcome sa sister mo.” Ubod ng tamis ang ngiti na sinulyapan ni Roland ang dalaga na napaangat

ang ulo sa binabasa.

Talagang mahusay umarte, naisip niya, komo nakaharap ang Kuya!

“That’s great!” natutuwang tugon ni Charlie. “Isasama ko tuloy si Marissa.”

Kitang-kita ni Bea ang kislap sa mga mata ng kapatid. “At sino naman ang Marissa na iyan, Kuya, ha?” tukso niya, saglit na nakalimutan ang presence ni Roland.

“Isang bagong kakilala at kaibigan, nakilala namin ni Roland noong isang araw. Maganda siya, Sis, type ko.” Nangingislap sa katuwaan ang mga mata ni Charlie. At natutuwa siya para rito, kahit pa nga hindi pa alam ang pagkatao ng babaeng tinutukoy nito.

“Pare, baka naman mapasubo ka sa babaeng iyon,” sabad ni Roland. “Hindi mo ba napapansing may pagka-flirt ang dating?” Pumormal ang mukha nito.

“Pare, ganoon lang siguro ang natural ni Marissa—malambing magsalita at kumilos,” pagtatanggol naman ni Charlie sa babae.

“Ang sa akin naman ay paalala lang. Anyway,

bakit ba natin sisirain ang magandang umpisa ng araw? Mag-lunch na tayo sa canteen sa kabilang kalsada at almost eleven o'clock na." Muli itong ngumiti at sumulyap sa kanya na tila siya ang niyayayang kumain.

"Naku! Hindi ako puwedeng sumabay sa inyo, Pare. Naghihintay sa akin si Mr. Lopez at may usapan kaming sa restaurant isasara ang deal," saad ni Charlie.

"Well, in that case, kaming dalawa na lang ni Bea."

Aba! At ano ang karapatan nito na sabihing silang dalawa na lamang ang magla-lunch? Pumapayag ba siya?

"O sige na, Bea, mag-ayos ka na't nang makakain na kayo ni Roland," pagtataboy ni Charlie sa kapatid.

Inis na inis siya pero hindi iyon ipinahalata sa kuya niya.

"Oo, Kuya," matabang niyang tugon. Hinila niya ang shoulder bag na nakapatong sa gilid ng mesa; nagsuklay siya, nagpahid ng kaunting pulbos sa mukha at naglagay ng lipstick. Sinadya niyang bagalan ang ginagawa.

“Mauuna na ako sa inyo, Pare, Bea. Baka mainip sa akin si Mr. Lopez ay magbago ang isip,” paalam ni Charlie.

“Oo, Pare.” Bahagyang tumango si Roland.

Kumaway lang siya sa kapatid.

Katahimikan na ang namayani sa loob ng malamig na opisina. Patuloy lang siya sa mabagal na pag-aayos ng sarili.

“Kahit naman hindi ka magpulbos o kaya’y maglipstick, natural ang ganda mo.”

Napalinga siya sa lalaki. Pormal ang mukha nito, hindi tipong nagbibiro. Nakatitig ito sa kanya na tila gustong basahin ang buo niyang pagkatao.

Bigla ay may pumitik sa kanyang dibdib. Nakatayo na pala ito sa malapit sa mesa niya. Noon lang niya napansin, bagay na bagay rito ang slacks at long-sleeved polo; mukha itong kagalang-galang.

“Hindi ako nagpapaganda dahil alam kong maganda na ako,” angil niya. Bigla ay gusto niyang itago ang paghangang alam niyang sumungaw sa kanyang mga mata sa pamamagitan ng panonopla rito.

Ngiti lang ang itinugon nito habang lalong

lumalapit sa kanya. Nang tumigil ito sa kanyang tabi ay napatingala siya rito.

Humaplos ang palad nito sa pisngi niya, malamlam ang mga matang nakatitig sa kanya. “Alam kong maganda ka kahit wala ang mga koloreteng iyan, kaya nga narito pa ako sa Pilipinas,” makahulugang saad nito.

Pakiramdam ni Bea ay namamanhid ang katawan niya; hindi siya maka-react, hindi rin mahagilap sa isip kung ano ang kahulugan ng sinabi nito. At sa ayos nila na nakatingin ito sa mukha niya at siya naman ay nakatingala rito, para silang lovers na nagsusuyuan.

Kitang-kita niya ang dahan-dahan nitong pagyuko. Alam niya ang puntirya nito—ang labi niyang bahagyang nakaawang dahil nga sa pagkamaang; hindi naman niya magawang umiwas.

Amoy na niya ang hininga nito, dinig na dinig na ang bahagya nitong paghingal. Tila slow motion sa sine ang pagdatal ng labi nito sa labi niya, tila binibigyan siya ng pagkakataong tumutol o umiwas. Ngunit waring namagneto siya nito, wala siyang magawa maliban sa maghintay.

At nang sa wakas ay magtagpo ang kanilang mga labi, hindi niya maipaliwanag ang damdamin

na sumukob sa kanya.

Alam niya, mahal na mahal pa rin niya si Matthew, ngunit ano itong mahiwagang damdamin na biglang sumipa sa kanyang dibdib?

Dampi lang ang halik ni Roland, waring nananantiya ito. Nang maramdamang hindi siya tumututol ay bahagyang dumiin ang halik nito, humihingi ng katugon.

Tuluyang napapikit ang dalaga. Ilang buwan na ba nang huli niyang maramdaman ang halik ni Matthew? Apat na pala. Iyon ay noong gabing magpaalam ito sa kanya... upang hindi na muling bumalik. Malagim na car accident ang dagling pumutol sa buhay nito.

Ang halik ni Roland ay parang katulad ng halik ni Matthew—masarap, matamis, nagdudulot ng kaigayang pakiramdam sa kanya. Ang dibdib niya ay tila sasabog sa hindi maipaliwanag na kaligayahan.

Nakalimot siya at napapikit. Gayunman, nagawa pa rin niyang pigilin ang sariling tumugon, ang yumakap sa batok nito. Basta nanatili lamang siyang nakapikit.

Natigilan si Roland sa ginagawang paghalik sa kanya, inakalang wala siyang nararamdaman.

When Will Your Heart Be Mine? - Jenny Gaitero

“I’m sorry,” mahinang saad nito na tila may galit ang tinig. Tumalikod na ito at bumalik sa sariling mesa.